

Mga Supply na Pang-emergency

Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga flyer:

- Pagiging Handa sa Bahay
- Tubig na Pang-emergency
- Pagiging Handa sa Kalamidad para sa mga Indibidwal at Pamilya

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Take5toSurvive.com

Spotlight ng mga supply

Bahay

De-pihit na AM / FM / NOAA Weather Radio
Makakakita ka ng mayroon nang kasamang mga flashlight o mga cell phone charger.

Trabaho/eskuwela

Power bank

Kung maputol ang serbisyo ng kuryente, maaari mong i-charge ang cell phone mo nang maraming beses. Maganda ring dalhin ang mga ito sa biyahe.

Sasakyan

Headlamp

Magagamit mo ang pareho mong kamay sa pagtitipon ng mga supply na pang-emergency o pagkukumpuni.

Maaaring magkaroon ng emergency anumang oras. Ang pagiging handa ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng mga supply na pang-emergency. Ang mga supply na ito ay dapat tumugon sa mga pangangailangan ng lahat sa bahay, pati na ng mga alagang hayop. Pag-isipang magkaroon ng mga supply sa trabaho o sa eskuwelahan, sa iyong sasakyan – saan ka man gumugugol ng maraming oras.

Kailangan mo ng mga supply na pang-emergency para sa:



Bahay
2 linggo



Work/school
1 araw



Vehicle
1 araw



Bahay – pang-2 linggong supply na pang-emergency

Mahalaga

- Tubig – 1 galon bawat tao kada araw
- Pagkaing maaaring itago nang mahabang panahon at isang pambukas ng de-lata
- First aid kit
- Mga flashlight
- Mga fire extinguisher
- Mga supply para sa water filter at pandisimpeksyon

Makakatulong

- Mga gamit sa personal na kalinisan at paglilinis
- Emergency toilet (EmergencyToilet.org)
- Pera sa maliliit na denominasyon
- Mga tool na pansara ng mga utility (lyabe o pliers)
- Radyong de-baterya
- Mga ekstrang baterya

Personal

- Mga iniresetang gamot
- Mga supply para sa sanggol
- Mga supply para sa alagang hayop
- Ekstrang salamin sa mata
- Mga kopya ng mahahalagang dokumento
- Mga kumot at makakapal na damit
- Mga laro



Trabaho / eskuwelahan – pang-1 araw na mga supply na pang-emergency

Kung gumugugol ka ng maraming oras sa isang lugar bawat araw tulad sa trabaho o eskuwelahan, dapat kang magkaroon ng ilang mahahalagang supply na pang-emergency sa isang “go bag.” Kabilang sa mga supply na isasama sa iyong bag ang:

- Tubig – 1 galon
- Pagkain o mga pampalakas na meryenda
- First aid kit
- Mga iniresetang gamot
- Pera sa maliliit na denominasyon
- Cell phone charger o power bank
- Damit na pamalit



Sasakyan: pang-1 araw na mga supply na pang-emergency

Ang pagkakaroon ng mga supply na pang-emergency sa iyong sasakyan ay maaaring makapagligtas ng buhay. Ilagay ang mga supply na ito sa isang bag na nasa madilim/malamlam ang ilaw at tuyong lugar; magsama ng mga bagay na napapanahon.

Palaging magsama ng

- Tubig – maliliit na bote na madaling tunawin
- Pagkain o mga pampalakas na meryenda
- First aid kit
- Flashlight o head lamp
- Mga jumper cable
- Mga tool (para sa pagpapalit ng gulong o maliliit na pagkumpuni)
- Cell phone charger
- Mga road flare o reflective hazard triangle
- Matibay na sapatos

Idagdag ang mga bagay na ito para sa tag-init

- Ekstrang tubig
- Sunscreen
- Mga pamaypay

Idagdag ang mga bagay na ito para sa taglamig

- Mga makakapal na damit at kasuutang pang-ulan o poncho
- Pangkayod ng yelo
- Mga chain o iba pang traction device
- Maliit na pala

Mga supply na pang-emergency: Mga tip mula sa mga propesyonal

- **Makatipid ng pera** sa pamamagitan ng pagbili ng mga supply kapag naka-sale ang mga ito. Tingnan ang mga discount store para sa magagandang deal.
- **Itago ang iyong mga supply** sa malamig at tuyong lugar na madaling puntahan. Sa iyong sasakyan, subukang itago ang mga supply sa lugar na hindi naaarawan/naiilawan.
- **Sabihin sa lahat ng tao sa bahay** kung saan nakatago ang mga supply na pang-emergency.
- **Isulat ang mga expiration date** sa mga pagkain. Tingnan ang mga petsa paglipas ng araw at palitan kung kailangan.
- **Ilagay ang tatlong araw na mga supply mo** sa bahay sa isang “go kit.” Maganda ang mga backpack o bag na pang-shopping na yari sa tela na may mga hawakan.
- **Hikayatin ang mga kapamilya, kaibigan, at kapitbahay** na maghanda sa pamamagitan ng pagsasabi ng tungkol dito at pamimigay ng flyer na ito.

